PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang dalawang bagong proyekto na nagpapalakas sa mga residente upang makagawa ng epekto sa loob ng lungsod

BRAMPTON, ON (Disyembre 6, 2023) – Sa araw na ito, inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang Gamay sa Samahan ng Kapitbahayan (Neighbourhood Association Guide) nito at ang unang yugto ng proyektong GeoHub Neighbourhood Profiles.

Ang Gabay sa Samahan ng Kapitbahayan ay isang resource na dinisenyo upang palakasin at kumonekta sa mga residente. Ang guide ay magsisilbing isang tool para sa mga residente na gustong magkaroon ng positibong epekto sa kanilang kapitbahayan.

Ang Community Safety & Well-Being Office (CSWO) ng nag-host ng isang Community Leaders Workshop sa higit sa 40 kalahok kabilang ang mga lider ng samahan ng komunidad, mga volunteer sa Brampton, mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, mga miyembro ng Brampton Community Safety Advisory Committee, at iba pa.

Ang mga kalahok sa workshop ay gumanap ng prominenteng papel sa pagsapinal sa gabay habang nagbigay sila ng feedback sa draft ng gabay, kabilang ang higit sa 200 komento at mungkahi.

Sa gabay, makakahanap ang mga residente ng mga tip at tool sa kung paano kumilos upang mapaigting ang kaligtasan, pagiging konektado, pagkakasali at kabutihan. Nagbibigay ito sa mga residente ng mga resource na mahalaga sa pagtataguyod ng maagap na pamamaraan tungo sa pag-unlad ng kapitbahayan at paglikha ng Neighbourhood Action Plans.

Ang Gabay ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa sumusunod:

- Pagkakasali sa Samahan ng Kapitbahayan ng Brampton o Brampton Neighbourhood Association Affiliation (ibig sabihin, mga benepisyo, mga kinakailangan, at proseso ng pagsali)
- Mga resource para sa pagbuo ng Neighbourhood Action Plans
- Mga paggamit ng potensyal na pagpapaganda, pagiging konektado, pakiramdam na nabibilang, at kaligtasan para sa CSWO Nurtured Neighbourhood Grant (hanggang $1,500 bwat kasaling Samahan ng Kapitbahayan)

Ang unang yugto ng mga proyektong GeoHub Neighbourhood Profiles, isang inisyatibang nilalayon sa pagtataguyod ng pagka-konektado ng komunidad at pagtataguyod ng kaligtasan at kabutihan sa loob ng lungsod, ay inilunsad din sa araw na ito.

Dinisenyo upang matugunan ang ipinahayag na mga pangangailangan ng mga residente para sa pinaigting na pagiging konektado at mas malalim na pakiramdam na nabibilang, ang GeoHub Neighbourhood Profiles ay nagsisilbi bilang isang paraan para matuklasan ng mga residente at makilahok sa iba't ibang asset na nasa loob ng kanilang kapitbahayan at sa buong Brampton.

Nagbibigay ito sa mga residente ng kakayahan na magbigay ng mahalagang input sa kanya-kanyang mga lugar, aktibong nag-aambag sa profile ng kanilang kapitbahayan. Sa pamamagitan nito, malapit nang gagampanan ng mga residente ang papel sa pag-highlight ng natatanging mga katangian at lakas ng kanilang mga komunidad.

Kapwya ang GeoHub Neighbourhood Profiles at ang Gabay sa Samahan ng Kapitbahayan ay parte ng Brampton Community Safety Action Plan at kumakatawan sa isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapasulong ng nagsasali sa lahat, konektado, at napalakas na mga komunidad sa Brampton at naaayon sa commitment ng Lungsod sa pagtataguyod ng kapaligiran kung saan nararamdaman ng mga residente na ligtas, kasali, at konektado sa mosaic ng Brampton.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Gabay sa Samahan ng Kapitbahayan at upang saliksikin ang GeoHub Neighbourhood Profiles, pakibisita ang www.brampton.ca/communitysafety.

**Mga Quote**

"Ang pagtataguyod sa pagiging konektado at pag-una sa kaligtasan at kabutihan sa loob ng lungsod ay mahalaga sa pagbuo ng umuunlad at nagsasali sa lahat na komunidad. Ang Gabay sa Samahan ng Kapitbahayan at ang GeoHub Neighbourhood Profiles ay nagpapakita sa ating commitment sa pagtugon sa mga pangangailangan ng ating mga residente at pagpapalakas sa kanila na aktibong makilaohk sa hinaharap ng ating lungsod."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang Gabay sa Samahan ng Kapitbahayan ay nilikha upang palakasin ang mga residente ng Brampton para makagawa ng epekto sa loob ng kanilang sariling komunidad. Ang pakikinig sa mga pangangailangan ng mga residente at pagha-highlight sa kung ano ang mahalaga sa kanila ay napakahalaga sa paglikha ng nagsasaling komunidad at isang komunidad na tumatanggap sa mga pangangailangan at gusto ng mga residente. Excited ako na makita ang ating mga residente  na dumating at hinihintay ang pagsasabi sa mga kuwento ng nakatagong yaman sa mga kapitbahayan ng Brampton."

- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa X (dating Twitter), Facebook, LinkedIn at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KNTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca